Sampung Katanungan na Dapat Isa-alang alang ng mga Parokya sa Pasimula ng Sinodal na Paglalakabay ng Diyosesis

1. **Malugod ba ang pagtanggap sa ating parokya?**

   Paano tayo tumatanggap at tumutulong bilang isang parokya at bilang mga indibidwal sa ating komunidad tuwing Linggo - sa personal o sa live-stream - pati na rin sa mga nagbabalik, sa mga napalayo, at sa mga bago sa ating grupo? Sa paningin ng mga tao, malugod ba tayo sa ating pagsalubong?

2. **Gaano tayo kahusay makinig?**
   Ang mundo natin ay puno ng ingay at opinyon; puno ng mga taong nagsasalita upang marinig, at mga taong hindi nararamdaman na sila ay napapansin. Magaling ba tayong makinig?
   Nararamdaman ba natin na may nakikinig sa atin?
   Paano tayo matututong makinig nang mabuti - sa isa't isa, sa mundo, sa Diyos?

3. **Paano natin ipinapahayag ang mga saloobin sa ating simbahan at lipunan?**
   Malaya ba nating naipahahayag ang ating mga saloobin at opinyon sa isa't isa?
   Isinasabuhay ba natin ang ating pananampalataya?
   Ipinapahayag o ipinapaalam ba natin sa lahat pati na sa sosyal media, ang katotohanan na may buong tapang kung kinakailangan?

4. **Gaano tayo napupukaw na magkaroon na malalim na ugnayan sa Panginoong Muling Nabuhay sa pamamagitan ng mga liturhiya ng Simbahan?**
   Nailalapit ba ako sa Diyos ng Misa tuwing Linggo, at naitutulot ba nito na ako'y pakainin ng Diyos?
   Sa tuwing natatapos ang Misa, ano ang aking dinadala upamg ibahagi sa mas malawak na mundo?
   Nailalapit ba ako ng aking mga personal na panalangin sa Dioys at sa Simbahang Katolika?
   Sa tuwing ako ay nagdarasal, ano ang aking ipinagpapasalamat sa Diyos at aking hinihiling sa Kanya?

5. **Gaano ko naiintindihan at gaano ako nakikilahok sa misyon ng Simbahan?**
   Nararamdaman ko ba na nagagawa ko ang aking parte sa buhay at misyon ng aking Parokya, ng aking diyosesis, at ng Simbahanh Katolika? O sa tingin ko ay gawain ito ng ibang tao?
   Paano ako tumutugon sa tawag ng Panginoon na maging buhay na saksi ng Mabuting Balita?
   Sinasarili ko ba ang aking pananampalataya, o ibinabahagi ko ito sa iba sa pamamagitan ng salita o gawa? Ano makakatulong sa akin upang magapampanan ko ito na mas mabuti?

6. **Kumusta ang pakikisalamuha natin sa kalakhang mundo?**
   Nakikisalamuha ba tayo sa mga nasa paligid natin, sa ating kumunidad, sa sitwasyon ng ating bansa at ng mundo?
   Naniniwala ba tayo na ang Simbahan ay may tunay na maibabahagi sa buong mundo? O masyado tayong nakatuon lamang sa ating mga sarili?

7. **Kumusta ang ating relasyon sa ating mga kapatid na Kristiyano?**
   Ilarawan ang ating relasyon sa mga kapatid natin sa ibang Tradisyon ng Kristiyanismo?
   Pinapakinggan ba natin sila?
   Ano kaya ang pwede nating matutunan sa kanila? – at ano naman pwede nilang makuha at matutunan sa atin?

8. **Paano tayo magtrabaho bilang isang grupo sa ating parokya?**
   Paano ang pagpapatupad ng pamumuno sa ating parokya?
   Mayroon bang positibong paraan para makatulong tayong makibahagi sa buhay at misyon ng Simbahan?
   Ano ang epekto ng pakikipagtulungang ito?
   Ano ang mga balakid at hamon?

9. **Gaano ka bukas ang ating sarili sa kalooban ng Diyos at sa gabay ng Banal na Espiritu?**
   Sa anong paraan natin nauunawaan ang gabay ng Banal na Espiritu at hindi ang pagsunod lamamag sa makasariling pakay at layunin?
   Malaya ba tayong naibabahagi ang ating angking talento at karunungan sa paglilingkod sa simbahan?
   May transparency ba at may pananagutan ba ang ating lokal na simbahan, at kung hindi, ano ang maaaring gawin upang solusyunan ito?
   Sinusuportahan ko ba ang pasya ng mga obispo at pari?

10. **Gaano tayo kahusay sa pagpapalaganap ng ating pananampalataya?**
    Bilang isang mananampalataya, isang parokya at diyosesis, tayo ba ay nagging epektibo sa ating pagbabahagi ng ating pananampalataya sa iba?
    Papaano pa natin ito mapabubuti?
    Bilang bahagi ng kapulungang pansimbahan o sinodo, sa anong paraan pa tayo makakapagpatuloy – sa pagdarasal, sa pakikipagtalakayan, sa pag-uunawa kasama ang isa't isa na hindi naka-base sa boto ng pangmaramihan, bagkus sa tapat na sensus – ang pagkakaisa ng lahat ng mapakinggan at mapag-isipan ang gabay ng Banal na Espiritu?